Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF ANTIPOLO
Province of Rizal

OFFICE OF THE CITY MAYOR

# MENSAHE

Sa ngalan ng Pamahalaang Lungsod ng Antipolo at ng mga kapwa natin Antipoleño, binabati ko ng isang taos-pusong *“congratulations”* ang mga mag-aaral natin na magtatapos sa ika-anim na antas ng K-to-12 Program.

Natapos na ang kalahati ng inyong 12 taong paglalakbay bago pumasok ng kolehiyo.

Sa pagpapatuloy ng inyong paglalakbay, huwag ninyong kalilimutan ang laging paanyaya ng ating mahal na Antipolo: *Tayo Na!*

Tayo nang mag-aral mabuti.

Tayo nang matuto ng kabutihang asal.

Tayo nang laging makiisa sa ating Panginoon sa pamamagitan ng dasal.

Aral. Asal. Dasal.

Iyan ang tatlong bagay na kailangan upang matiyak na makatutugon kayo sa paanyayang ito – *Tayo Na sa tagumpay!*

Maraming salamat sa pamunuan ng ating mga paaralan, sa ating mga guro at magulang. Maraming salamat sa pakikiisa sa misyon ng paghubog sa ating mga kabataan.



CASIMIRO A. YNARES III, M.D.
Punong Lungsod

Tayo Na!
ANT1POLO!